

PERSPECTIVES

Walang Panitikang Rehiyonal: Pinag-isang Maraming Bayan sa Tatlong Kritikal na Akda ni Bienvenido Lumbera

Raniela E. Barbaza
Unibersidad ng Pilipinas–Diliman
pebarbaza@up.edu.ph

Abstrak

Panahon na para tanggapin nating hindi na nakatutulong ang katawagang “panitikang rehiyonal” o “mga panitikan mula sa rehiyon” o “rehiyonal na panitikan” sa pag-aaral ng panitikang Pilipino. Nakatulong ang mga katawagang ito sa paghiraya natin ng mas makatarungan at makatwiran na imahen ng ating bayan. Sa kabila ng pagpapaalala ng pambansang alagad ng panitikan na si Bienvenido Lumbera na ang panitikang rehiyonal ay tumutukoy sa mga panitikan sa iba’t ibang rehiyon sa Pilipinas kabilang na ang rehiyon na Tagalog ang wika, nananatili ang pag-unawa sa panitikang rehiyonal na panitikan ng mga wika sa Pilipinas maliban sa Tagalog. Sa madaling salita, nananaig ang hindi pantay na pag-unawa sa mga panitikan sa Pilipinas sa katawagang “panitikang rehiyonal.” Kung babalikan natin ang tatlo sa mga naunang kritikal na akda ni Bienvenido Lumbera noong dekada sitenta, darating tayo sa paghahaka na walang panitikang rehiyonal. Lahat ay panitikan ng Pilipinas. Babalikan sa papel na ito ang tatlo sa mga unang kritikal na akda ni Lumbera tungkol sa panitikang Pilipino: ang “Towards a Revised History of Philippine Literature”; “The Rugged Terrain of Vernacular Literature”; at “Breaking Through and Away.” Sa mga sanaysay na ito mababagtas natin ang mga hakbang sa pag-akda ni Lumbera sa pagbubuo ng imahen ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga panitikan nito.

Mga susing salita: rehiyonal, panitikang rehiyonal, pambansa, bernakular, Bienvenido Lumbera

There is No Such Thing as Regional Literature in the Philippines: Uniting the Archipelago in Bienvenido Lumbera’s Three Critical Works**Abstract**

The use of the category “regional literature” in the study of Philippine literatures started as part of an effort to make the imagined national body more cognizant of literatures in languages other than Tagalog (which served as the basis for Filipino, the official national language and de facto national lingua franca). Over the years, however, its usage seemed to contradict its own intended function. Instead of distributing the national space equally to literatures in all Philippine languages, “regional literature” as the category has been used by Filipino scholars and writers, continue to be marked as something different, and as such, inferior. This short paper is a rereading of three of the early critical works by the National Artist for Literature Bienvenido Lumbera: “Towards a Revised History of Philippine Literature”; “The Rugged Terrain of Vernacular Literature”; and “Breaking Through and Away.” These essays were written at a time when Filipino writings in

English held sway prompting Lumbera to revise Philippine literary history. Lumbera's three critical essays functioned as a sort of "tool box" for many scholars researching Philippine literature in the different languages of the Philippines in the succeeding decades.

Keywords: *regional, regional literature, national, vernacular, Bienvenido Lumbera*

Kung babalikan natin ang pangangatwiran ni Lumbera sa tatlo sa mga una niyang kritikal na akda, darating tayo sa paghahaka na panahon na para alisin natin ang katawagang "panitikang rehiyonal" sa pag-aaral ng panitikan ng Pilipinas. Walang panitikang panrehiyon. Lahat ay panitikang Pilipino.

Nag-aapuhap tayo ng iba't ibang salita sa pagsisikap natin na maging mas makatwiran at makatarungan ang hinihirayang imahen ng ating bayan. Iba't ibang salita ang sinubukan nating gamitin sa mga nagdaang panahon upang ipakita ang hindi pantay na pagtingin sa mga miyembro ng ating bansa. Mayroong paghiraya na ipinakikitang ang kapangyarihan ay may sentro at kung gayo'y mayroong laylayan o gilid. Ginamit din ang salitang ibaba upang pangatwiranang mayroong mga nakatataas at kung gayo'y mas nakikinabang sa namamayaning kaayusang panlipunan kaysa mga nasa ibaba. Dahil ang Maynila ang historikal na sentro ng kapangyarihan sa matagal na panahon, mayroong loob at p'wes, labas ng Maynila.

Kaya sa pag-aaral ng panitikan ng Pilipinas, binibigyang pansin ang mga nasa laylayan, gilid, labas, o ibaba upang matugunan ang itinuturing na hindi makatarungan at makatwirang paghiraya sa bansa.

Sa isang bansang may higit sa isang daang wika, mainit na usapin, sabihin pa, ang wika, o mas tiyak, ang nasyonalisasyon ng piniling pambansang wika. Ang nasyonalisasyon ng isang wika, Tagalog sa kaso ng Pilipinas, ay nagbubunga ng hindi pantay na pagturing sa mga panitikan ng bansa. Dahil Filipino ang opisyal na wikang pambansa at naging de facto pambansang lingua franca, naisantabi ang mga panitikang nasa wikang hindi Tagalog dahil ito ang piniling basehan ng pambansang wika.

Kaya gumagamit tayo ng katawagang rehiyonal, panitikan ng mga rehiyon, o panitikang panrehiyon upang makatulong sa mas makatwirang pag-aaral ng panitikan ng Pilipinas na dati'y nakatuon lamang sa

panitikang nasa wikang Ingles at Tagalog. Layunin ng katawagang "panitikang rehiyonal" na magkaroon ng lugar sa paghiraya ng bansa ang mga panitikang nasa iba't ibang wika sa Pilipinas maliban sa Tagalog. Pinalitan ng salitang "rehiyonal" ang dating katawagang "bernakular" para sa mga wikang katutubo sa Pilipinas dahil sa bitbit na marahas na kasaysayan ng salitang "bernakular." Ipinagpalagay na mas nyutral ang salitang "rehiyonal" kaysa "bernakular" dahil nakabatay ang "rehiyonal" sa heograpikal at administratibong pagkakahati-hati ng bansa. Sa pamamagitan ng paggamit ng salitang "rehiyonal" binibigyang magkakapantay na espasyo ang iba't ibang rehiyon sa Pilipinas sa pag-aaral ng panitikan ng bansa. Totoong malaki ang naitulong nito sa pag-aaral ng panitikan ng iba't ibang wika sa Pilipinas. Nahikayat ang maraming iskolar at mag-aaral ng panitikan ng Pilipinas na manaliksik ng panitikan sa iba't ibang wika sa Pilipinas (hindi lamang sa Tagalog). Dumami ang mga pag-aaral na nalalathala tungkol sa panitikan sa iba't ibang wika't kultura sa Pilipinas. Tanda rin ang pagkilala sa mga pag-aaral na ito ng mga pambansang gawad tulad ng National Book Award na nagkakaroon na nga ng lugar sa paghiraya ng Pilipinas ang iba't ibang grupong etniko sa Pilipinas.

Marami ring mga manunulat sa kasalukuyan sa iba't ibang panig ng bansa ang nahikayat na muling magsisulat gamit ang wikang kinalakhan nila. Ang mga manunulat na dati nang nagsisisulat sa kanilang wika ay hindi na kinailangang magpablis ng sarili nilang libro dahil may mga pabliser nang naglalathala ng kanilang mga akda. Bago nito, sa loob ng matagal na panahon, ang mangilan-ngilang manunulat na nagdesisyonang manatiling magsulat sa kanilang wika ay kalimitang walang ibang pagpipilian kundi ilathala ang sarili nilang koleksiyon ng mga akda. Hindi na nila kailangang gawin iyan ngayon dahil inilalathala na ang kanilang mga akda ng mga palimbagan ng mga unibersidad at

iba pang kilalang palimbagan sa bansa. Noong dekada nobenta, naglimbag ng iba't ibang kalipunan ng mga akdang pampanitikan sa iba't ibang wika sa Pilipinas sa ilalim ng seryeng Panitikan ang mga palimbagan ng Pamantasang De La Salle, Pamantasan ng Ateneo de Manila, at Unibersidad ng Pilipinas. Ngayong patuloy na naglalathala ng mga akdang pampanitikan na nasa iba't ibang wika sa Pilipinas, hindi lamang ang tatlong pangunahing unibersidad na ito kundi pati na ang iba pang palimbagan sa akademya at labas ng akademya. Hindi lamang nalalathala ang mga akda at pag-aaral tungkol sa panitikan sa iba't ibang wika sa Pilipinas, nagkakamit na rin ng mga gawad at pagkilala ang mga librong ito. Halimbawa, nanalo noong 2007 ang librong *Antisipasyon asin iba pang RawitDawit sa Bikol asin Ingles* ni Vic Nierva sa National Book Awards sa categorya ng tula. Noong 2017 naman ay nagwagi ng National Book Award ang librong *Susumaton: Oral Narratives of Leyte* ni Merlie Alunan sa categoryang antolohiya sa wikang Waray. Dalawa lamang ito sa marami nang kinilalang manunulat at mananaliksik ng panitikan sa iba't ibang wika sa Pilipinas.

Sa wari'y may lugar na nga ang tinatawag nating panitikang rehiyonal sa kabuoan ng panitikang pambansa at marahil maaari na nating masabing may lugar na nga sa paghiraya ng Pilipinas ang iba't ibang pangkat etniko ng bansa. Marahil pantay-pantay na nga ang panitikan ng iba't ibang grupong etniko sa Pilipinas.

Ngunit meron na nga ba? Pantay na nga ba?

Tila nananatiling may bahid ng hindi pagkakapantay ang salitang “rehiyon/rehiyonal” sa “pambansa” o “Tagalog/Filipino.” Tila napananatili o pinananatili ng salitang “rehiyon/rehiyonal” ang pagkakaiba at kung gayon, pagkakaibalay nito sa pambansa na malay man o hindi'y naitutumbas pa rin sa mga akdang nasa wikang Tagalog/Filipino at Ingles. Totoong tulad ng nabanggit sa itaas, may pagsisikap nang ituwid ang hindi pantay na tingin sa panitikang nasa wikang Tagalog at Ingles sa panitikang nasa wikang hindi Tagalog at Ingles. Lahat ng mga panitikan sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas, paalala sa atin ng Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbera, ay “rehiyonal” kaya nga maging ang panitikan na nasa wikang Tagalog ay rehiyonal na panitikan din. Katunayan, marahil dahil na rin nga sa pagtutumbas sa panitikan ng Tagalog bilang panitikang pambansa, ayon kay Lumbera “naging panawagan ng isa kong maikling sanaysay ang ‘Ibalik sa rehiyon ang panitikang Tagalog,’” (2000:163).

Gayunman, sa kabila ng ganitong paglilinaw ni Lumbera ng ibig sabihin ng katawagang “panitikang rehiyonal” sa wari'y nananatili ang pagturing sa mga panitikang nasa wikang hindi Tagalog at Ingles bilang mga panitikang rehiyonal. Hindi itinuturing na “rehiyonal” ang anumang akdang nasa wikang Tagalog/Filipino at siyempre mga panitikang nasa wikang Ingles. Pansinsin na ang mga panitikang nasa wikang hindi Tagalog o Ingles ay inuunawa batay sa negasyon: “hindi.” Makapangyarihan ang salitang “hindi” dahil pinananatili nito ang pag-unawa, malay man o hindi, na ang mga panitikang nasa wikang Tagalog at Ingles ay ang “totoong” panitikan.

Makikita, halimbawa, ang mayamang ani ng pananaliksik sa panitikan na nasa iba't ibang wika ng Pilipinas sa kumperensiyang Reading the Regions na ginanap sa siyudad ng Davao noong Pebrero 28, 2020—isang pagtitipon ng mga guro, manunulat, at iba pang alagad ng sining para ipagdiwang ang Buwan ng Sining noong 2020. Bagama't may ilang panayam sa pagtitipon na tungkol sa akdang pampanitikang nasa wikang Filipino/Tagalog at Ingles, ang karamihan sa mga pag-aaral ay tungkol sa mga akdang pampanitikang nasa ibang wika sa Pilipinas. Malakas na senyales din ng pagpapakahulugan ng panitikan mula sa rehiyon ang piniling tatlong iskolar na magbigay ng panayam na plenarya: si Merlie Alunan, si Bro. Karl Gaspar, at ang pambansang alagad ng sining na si Resil Mojares. Malinaw din ang pagpapakahulugan ng termino sa pamagat ng kanilang mga panayam: “Reading and Writing the Region” (Mojares), “From the Regions: Exploring the Challenging Experience of Writing Localized Novels in Cebuano–Binisaya” (Gaspar), “Bisaya to Bisdak: Mother Tongue and the National Literature” (Alunan). Hindi natin matatawaran ang halaga ng mga panayam na ito lalo't higit mula sa mga labis nating iginagalang na mga iskolar ng panitikan ng Pilipinas. Ang pagtitipon ay inorganisa ng Pambansang Komisyon para sa Sining at Kultura, na isang ahensiya ng pamahalaan kaya may markang opisyal ang mga naganap na panayam at talakayan.

Tunay na pagdiriwang ng mayamang panitikan ng Pilipinas ang naging kumperensiya. Ano kaya kung tawagin natin ang mga pagtitipon na tulad nito na pambansa o kaya'y basta panitikang Pilipino?

Kinikilala natin ang naging silbi ng katawagang panitikang rehiyonal sa mga nagdaang dekada sa pag-aaral at pagsulat ng kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas ngunit kailangan na nating tanggapin na tapos

na ang silbi nito sa pag-aaral ng panitikan ng Pilipinas. Panahon na para ituring na lahat ng mga panitikan sa iba't ibang wika sa Pilipinas ay panitikang pambansa. Makatutulong marahil na balikan sa bahaging ito ng ating pagmumuni, ang isang panahon sa kasaysayan ng ating panitikan na nagsisimula na ang epistemolohikal na pagpihit mula sa posisyong Kanluranin tungo sa isang posisyong Pilipino.

Pag-akda ng bayan ni Lumbera

Makasaysayan ang dekada sitenta sa proseso ng pagkasabansa ng Pilipinas. Sa dekadang ito nailathala ang mga mapaghawang pag-aaral nina Zeus Salazar, Virgilio Enriquez, Reynaldo Ileto, at ng yumaong Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbera. Ganito inilarawan ng Pambansang Alagad ng Sining na si Resil Mojares ang dekada sitenta sa kasaysayang intelektuwal ng Pilipinas:

Scholars, writers, and artists found themselves impelled by the need to turn away from the 'West' and look inwards: to retrieve, document, and study lost and vanishing traditions; to discover and define 'native' and 'popular' epistemologies in language, literature, and the arts; to ground the understanding of the 'nation' in indigenous, local, and popular histories; and to build on this basis a contemporary culture more democratic and emancipative. The sense that the nation at a historic turn was conveyed at the time by young men and women declaring—self-importantly but not inaccurately—that a Second Propaganda Movement was underway.” (2014: ix)

Sa panahon na ito inianak¹ ang mga katutubong dalumat na radikal na nakapagpabago sa produksiyon ng kaalaman sa Pilipinas kaya mahalagang balikan ang yugtong ito sa kasaysayan ng pag-aakda ng bansa ng ating mga iskolar. Dugtong nga ni Mojares: “A full account of the intellectual life of this period remains to be written” (x).

Marahil ito rin ang nasa isip ni Bienvenido Lumbera nang isulat niya sa “Preface” ng ikalawang edisyon ng *Revaluation* na “In recent years, I have become more and more conscious of the need to place my writings within a specific time-continuum (v).” Mahalagang balikan ang panahon na ito sa kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas dahil mula sa panahon sa kasaysayan ng

ating bansa na maaari nating unawain mula sa dalumat na “kami” ni Zeus Salazar, pagdating ng dekada sisenta at sitenta, ang pananaw na “kami” ay pumipihit na sa pananaw na “tayo.” Sa introduksiyon para sa kalipunan ng mga tula na inilabas noong 1975, ganito ipaliliwanag ni Lumbera ang pagpihit na ito mula “kami” tungong “tayo”: “Cosmopolitanism among the young poets was a counterweight in overcoming the inferiority complex that had been bred over the years in vernacular writers by their counterparts who were using English” (68). Dito makikita nating malinaw ang kahulugan ng “vernacular” para kay Lumbera: mga wika sa Pilipinas. Sa panahon na iyon, ang “cosmopolitanism” ay magiging “nationalism” sa pagtatasa ni Lumbera.

Para sa papel na ito, pinili ang sumusunod na tatlong akda sa *Revaluation*: ang “Towards a Revised History of Philippine Literature”; “The Rugged Terrain of Vernacular Literature”; at “Breaking Through and Away.” Pinili ang tatlong sanaysay na ito dahil makikita sa mga ito ang unang paglalagat ni Lumbera ng tiyak na mga hakbang sa pag-aakda ng bayan. Ito ang lumilitaw na pangunahing pangangatwiran ni Lumbera sa tatlong mga kritikal na akda: binubuo ng mga panitikan mula sa iba't ibang wika sa Pilipinas ang Panitikan ng Pilipinas. Para kay Lumbera sa mga akdang ito, walang panitikan sa anumang wika ang mas matimbang sa panitikan ng anumang wika sa Pilipinas.

Sa dekada nobenta, nagbigay ng dalawang panayam si Lumbera sa mga okasyong opisyal ng pamahalaan: ang “Harnessing Regional Literature for National Literature” at ang “Panitikang Panrehiyon at Panitikang Pambansa: Magkabukod at Magkarugtong” na parehong kasama sa librong *Writing the Nation: Pag-akda ng Bansa*. Mahalagang muling basahin ang mga sinabi rito ni Lumbera at maiugnay ang mga ito sa kaniyang mga naunang akda sa ibang pag-aaral. Ngunit pinili ang tatlong naunang akda para sa papel na ito dahil ito ang panahon na hindi pa “lumilihis ang kasaysayan” dahil ayon na rin kay Lumbera, “panitikang panrehiyon ang panitikang Tagalog, na sa isang paglihis ng kasaysayan ay itinuring na ring pambansa” (2000: 163). Ang dalawang panayam ay binasa ni Lumbera sa mga opisyal na okasyon ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining noong dekada nobenta. Ang una ay panayam na ibinahagi sa Kumperensiyang Pagtataya sa Panitikan ng Pilipinas noong 1994. Habang ang ikalawa ay panayam na binasa ni Lumbera sa Pamamahagi ng CCP Writing Grants noong 1995. Sa

panahon na ito, mainit na usapin ang globalisasyon at kung gayon ang nasyonalismo. Halos dalawang dekada na rin noong naisabatas ang wikang Filipino bilang wikang pambansa. Nangyari na, samakatwid, ang sinasabi ni Lumbera na pagkalihis ng kasaysayan, na sa kaso na ito ay dahil sa kilos ng estado. Opisyal na pambansang wika na ang wikang Filipino, at naituturing na rin kung gayon, ang panitikan na nasusulat sa wikang Filipino at wikang Tagalog na pinagbasehan ng Filipino, na “pambansa” at kung gayon, ang mga panitikan sa “ibang” wika bilang rehiyonal. Sa wari ko, naipit si Lumbera sa ganitong kagusotan sa usapin ng panitikan at wikang pambansa ng Pilipinas noong panahon ng pagkasulat ng dalawang panayam. Dahil sa nasyonalisasyon ng wikang Tagalog, pinagtatalunan na sa mga panahong iyon kung may pagkakaiba nga ba ang wikang tinatawag na Filipino at ang wikang Tagalog. Ani Lumbera, “Napag-ukulan ko ng paglilimi sa unang pagkakataon ang relasyong panrehiyon–pambansa sa panitikan, nang maging bahagi ako ng pagsisikap na linawin para sa CCP Writing Grants Program ang pagkakaiba ng wikang Tagalog sa wikang Filipino” (163). Sa madaling salita, ang naging bunga ng opisyal na nasyonalisasyon ng wikang Tagalog bilang basehan ng wikang pambansa ay ang pagturing sa panitikang Tagalog bilang panitikang pambansa. Dahil kinakailangang ituro ang wikang Filipino sa mga paaralan, kailangan ng mga halimbawang akda. Kaya nga wika ni Lumbera, “Ibinunga nito ang paggamit ng mga akdang Tagalog bilang batayang babasahin sa panimulang pag-aaral ng wikang pambansa. Sa kalaunan, lumabo ang linyang naghihiwalay sa panitikang Tagalog bilang panitikang panrehiyon sa panitikang itinatanghal bilang ‘panitikang pambansa’” (164). Hindi ito kanais-nais para kay Lumbera dahil sa ganitong sitwasyon ay may nawawala sa pag-aaral ng panitikan ng Pilipinas. Para kay Lumbera, kultural ang pagkakaiba ng Tagalog at Filipino kaya ang pagtumbas sa panitikang Tagalog sa panitikang Filipino, ay pagbubura ng kulturang Tagalog na “batayang daigdig ng manlilikha” na ang wika ay Tagalog (164). Kung gayo’y ang pag-iiba ni Lumbera sa “rehiyon” at “pambansa” sa yugtong ito ng kaniyang kasaysayang intelektuwal ay pagpapanatili ng kulturang Tagalog bilang Tagalog, na isa sa mga rehiyon na bumubuo ng bansa. Sa ganitong pantay-pantay na pagtingin sa kultura’t wika ng iba’t ibang pangkat etniko hiniraya ni Lumbera ang Pilipinas sa tatlong kritikal na akda na binabalikan sa papel na ito.

Ang Isang Marami: Mayroong panitikan ng Pilipinas sa mga wika sa Pilipinas

Ang Isang Marami: ito ang hiniraya, inakdang bayan ni Lumbera sa “Towards a Revised History of Philippine Literature,” ang unang sanaysay ni Lumbera sa koleksiyon ng mga kritikal na akda niya na pinamagatang *Revaluation*. Sa unang paglalathala nito noong taong 1984, ipinaliwanag ng mga patnugot² na ang layunin ng kalipunan ng mga akda ni Lumbera ay “to arrive at a new estimation of the value of some important components of Philippine culture: literature, theater, cinema, popular culture” (np). Makikita natin sa paggamit nila ng salitang “value” na posibleng sa unang talata ng unang sanaysay sa koleksiyon nanggaling ang pamagat ng libro. Dito isinaad ni Lumbera:

The history of literature in the Philippines demands rewriting from time to time.

Almost forty years after Teofilo del Castillo attempted the first comprehensive history of Philippine Literature (*A Brief History of Philippine literature*, 1937), we are today aware of vast changes in our society, changes that call for revisions in our interpretation of past and contemporary political events inside and outside the country, and in our valuation³ of the impact on the culture of the Filipinos. (1984: 4;1997: 3)

Ipagpapatuloy ni Lumbera na ang pagbabagong ito ng kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas ay tulad ng pagbabago ng kasaysayan mismo ng Pilipinas mula sa mga libro nina Agoncillo at Constantino. Sa libro ni Agoncillo, ang kasaysayan ng Pilipinas ay sinulat mula na sa pananaw ng mga Pilipino. Samantalang sa libro ni Constantino, hindi na lamang mula sa pananaw ng mga Pilipino sinulat ang kasaysayan ng Pilipinas kung hindi patungo na sa pagsulat ng tunay na kasaysayan ng bayan (“towards the writing of a truly Filipino history”). Sinipi nang buo ni Lumbera ang bahaging ito ng libro ni Constantino:

But beyond writing Philippine history from the point of view of the Filipino people, the task is to advance to the writing of a truly Filipino history, the history of the Filipino people. This means that the principal focus must be on the

anonymous masses of individuals and on the social forces generated by their collective lives and struggles. (1984: 4; 1997: 3)

Idinidiin dito ni Lumbera ang salitang “tunay” na nangangahulugang para sa kaniya ay hindi tunay ang mga kasaysayang isinulat dati. Kung ito rin ang kaniyang alalahanin sa kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas, kung gayon, ano ang hindi tunay na kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas? Ano ang babaguhing kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas? Ipaliwanag niya sa isa sa mga sumunod na talata na

During the four decades of American colonialism, it was so impressed on the minds of Filipino students of literature that the Philippines, being a country of many languages, needed a single language to unify the people inhabiting the 7,000 islands. For a long time, it was assumed that this one unifying language was the language of the colonial power which replaced Spain, i.e., English. The continuing emphasis on the linguistic barriers separating Filipinos in the various regions made it all but unthinkable that the literatures of the Tagalogs, the Ilokos, the Bisayans and of the other regional groups ought to be treated as one literature of the Filipinos. (1984: 5; 1997: 4)

Sa huling pangungusap natin makikita ang layunin ni Lumbera sa binabalak niyang pagwawasto ng kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas: “...the literatures of the Tagalogs, the Ilokos, the Bisayans and of the other regional groups ought to be treated as one literature of the Filipinos.” Isang panitikan ng Pilipinas na binubuo ng mga panitikan ng—sa panahon na iyon—tatawagin niyang iba’t ibang grupong rehiyonal. Malinaw na pagtitindig ng kasaysayan ng pambansang panitikan ng Pilipinas ang tuon ni Lumbera. Ang pambansa rito ay nangangahulugan ng pagiging isa o pinag-isa. Makikita natin dito na para kay Lumbera, ang panitikang Tagalog ay panitikan ng isa sa mga rehiyon sa Pilipinas: “the literatures of the Tagalogs, the Ilokos, the Bisayans and of the other regional groups.” Ipaliwanag niya na kaya lamang kasama sa sanaysay niya ang mga akdang pampanitikan na nasa wikang Espanyol at Ingles sa mga akdang nasa wikang Tagalog ay dahil natukoy na ng mga pananaliksik ang mga pangunahing akda at ang direksiyon ng pag-unlad ng paglikha sa dalawang wikang ito. Ngunit dugtong ni Lumbera, “younger

literary scholars have begun to gather works in the various regional literature and to study them within the proper historical and sociological context” (1984: 6; 1997: 4). Nagsisimula pa lamang noon ang pagsasa-Filipino ng pag-iisip ng mga iskolar. Taong 1975 nang ginanap ang Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino (First National Conference on Filipino Psychology) sa pamumuno ni Virgilio Enriquez (2000: 50). Sa nakaraang dekada sisenta, mismong si Lumbera, sa salita niya’y “nagulantang” sa tanong sa kaniya na “Bakit Hindi Paksaing Filipino” ng isang kababayan tungkol sa kaniyang disertasyon sa unibersidad sa Estados Unidos. Maaari nating basahin ang pagkagulantang na ito na pagkamalay ni Lumbera sa sarili bilang isang Pilipinong iskolar. Mahalaga ang sandaling ito para mismo kay Lumbera dahil ang panayam niya kung saan niya isinalaysay ito ang unang textong pinili niya para sa kalipunan ng mga akdang pinamagatan niyang *Writing the Nation: Pag-akda ng Bansa*.

Totoong pivotal ang sandaling iyon ng pagkagulantang ni Lumbera: iyon ang sandali na ipinanganak si Lumbera, ang makabayang Pilipinong iskolar na buong sipag at sigasig na inakda ang bayan; isang “activist academician called upon on different occasions to inform, perform, extol, expatiate and many times, reiterate” (2000: x).

Sa unang sanaysay na ito sa kalipunang *Revaluation*, malinaw na ang hinihirayang bayan ni Lumbera ay Isang Marami. Ang bayan na binubuo ng maraming bayan din kaya ang panitikan nito ay Isa rin na binubuo ng mga panitikan ng tinatawag niya sa sanaysay na ito na mga grupong rehiyonal. Malinaw rito na literal ang ibig sabihin ng “rehiyonal”—walang pag-iiba sa Tagalog at sa ibang panitikan. Lahat ng panitikan sa iba’t ibang grupong rehiyonal ay pare-pareho at siyang bumubuo sa panitikan ng Pilipinas.

Nasaan ang mga panitikan sa iba’t ibang wika sa Pilipinas: Pananaliksik sa mga wikang “bernakular”

Itatala na sa ikalawang edisyon ng *Revaluation* na ang sanaysay na “Towards a Revised History of Philippine Literature” ay unang nalathala noong taong 1976 sa *Book of the Philippines*, 1976. Sa sumunod na taon, nalathala naman ang sanaysay ni Lumbera na “The Rugged Terrain of Vernacular Literature”⁴.

Matapos na maideklara na mayroong panitikan ang Pilipinas sa mga wikang sarili, ang ikalawang hakbang sa pag-aakda ng bansa ni Lumbera ay ang pagtitiyak ng mga gawain para sa mga mananaliksik at mag-aaral. Dahil matapos na ipahayag na mayroon ngang panitikan ang Pilipinas sa mga wika nito, ang tanong na haharapin naman ay “nasaan?” Kaya ang suliranin na ito mismo ang pinagtuunan niya ng pansin sa sanaysay na ito. Salitang “bernakular”⁵ ang ginamit niya sa sanaysay na itong ang layunin ay hikayatin ang mga iskolar at mag-aaral ng panitikan ng Pilipinas na pag-aralan ang iba’t ibang panitikan sa Pilipinas. Sa isang talata sa sanaysay, makikita natin na kasama ang panitikang Tagalog sa tinutukoy ni Lumbera na panitikang bernakular:

And so it was that the collecting of specimens of vernacular literature has been late by seven decades. Which only means that many works are no longer available, and if they are, these are kept in widely scattered libraries. The specimens themselves are few, for only a handful of hardy nationalists persevered in gathering works that were in academic disrepute under the neo-colonial conditions that obtained in institutions of higher learning. Some such collectors were Julian Cruz Balmaceda, Marcelo P. Garcia, Carlos Ronquillo, Teodoro Agoncillo and Ildefonso Santos, to name only those who collected Tagalog literature. (1984: 106; 1997: 88)

Malinaw sa talatang ito na para kay Lumbera, walang pag-iiba at pagkakaiba ang panitikang Tagalog sa iba pang panitikan sa mga wika sa Pilipinas: lahat ay mga panitikang bernakular. Ang layunin ay tiyak: matiyak ang kabuoan ng panitikang Pilipinas sa pamamagitan ng pananaliksik sa mga panitikan ng Pilipinas na nasa mga wikang sarili nito. Ang kilos na ito ay pagpapalaya sa kamalayang nasakop at kung gayo’y pagpapatuloy ng pagsulat ng “tunay” na kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas: “it is necessary to undo the general misconception that the history of Philippine Literature revolves around the achievements of our writers in English” (1984: 108; 1997: 90).

Sa sanaysay na ito, bibigyang diin ni Lumbera ang pangangailangan na matutong magbasa ang mga mananaliksik ng mga wika sa Pilipinas maliban sa **Tagalog**: “Perhaps only after one has acquired reading skills in other Philippine languages will he begin to

discover the oneness of all literatures written in the native languages” (1984: 109; 1997: 90). Ito marahil ang naging batayan ng pagbasa sa sanaysay na ito na tanging mga panitikan sa mga wika sa Pilipinas maliban sa Tagalog ang tinutukoy ni Lumbera sa salitang “bernakular.” Totoong dito ang mga wika sa Pilipinas ay binanggit bilang “iba” (maliban) sa Tagalog ngunit ang ibig sabihin lamang nito ay ang nabasa na nating sipi: may mga nakalap nang mga akda sa wikang Tagalog ang mga iskolar na nabanggit. Pinagtitibay ito ng huling bahagi ng pangungusap: “the oneness of all literatures written in the native languages.” Muli makikita natin dito ang pagtitiyak ni Lumbera sa pagiging Isa ng mga panitikang nasusulat sa iba’t ibang wika sa Pilipinas.

Mahihiwatigan natin ang tuloy-tuloy na pagtitiyak ng hugis ng imahen ng bayan sa isipan ni Lumbera. Sa sanaysay na ito, si Lumbera na naghihiraya, umaakda ng imahen ng bansa ay isang propesor din na malinaw at tiyak na tumutukoy ng mga gagawin ng mga mag-aaral ng panitikan ng Pilipinas. Dahil pagkatapos na maigiit na mayroong panitikan ang Pilipinas sa sariling mga wika nito, ang kailangan gawin naman ngayo’y mangalap, magtipon, at basahin ang mga panitikang ito. Upang maisagawa ito, kailangang tukuyin, unang-una ang mga suliranin sa/ng pag-aaral ng panitikang tinatawag niya noong bernakular na ayon sa kaniya ay “formidable.” Kaya aniya, upang mas makayang harapin mga suliranin ng ito, isinaayos niya ang samotsaring suliranin sa pananaliksik sa tinatawag niyang mga panitikang bernakular sa tatlong kategorya: “(1) those pertaining to materials, (2) those pertaining to men, and (3) those pertaining to methodology.” Sa tatlong ito’y itinuturing niyang pinaka-“crucial” ang pamamaraan dahil kinakailangan ng mga mananaliksik na makalaya mula sa pagkakakulong ng mga mananaliksik sa kanluraning pamantayan (1984: 104–109; 1997: 87–90). Ang sanaysay na ito ang nagsilbing gabay sa maraming mananaliksik ng panitikan ng Pilipinas sa mga sumunod na dekada.

Pag-lisa ng Marami: pagsasalin ng mga panitikan sa iba’t ibang wika sa Pilipinas tungo sa wikang Filipino

Pagkaraan ng dalawang taon (1979), ilalathala naman ni Lumbera ang sanaysay niyang “Breaking Through and Away”⁶ sa *Diliman Review*. Malinaw

ang pagkakasunod-sunod ng paghuhugis ng imahen ng bayan sa isipan ni Lumbera sa tatlong sanaysay. Matapos niyang maipahayag na mayroong panitikan ang Pilipinas sa mga wikang sarili at matukoy ang mga tiyak na hakbang para sa mga mag-aaral at iskolar, sa sanaysay naman na ito tatalakayin ni Lumbera ang tinukoy niyang pinakamahirap na gawain ng mananaliksik ng panitikan ng Pilipinas: ang pamamaraan ng pagsusuri. Nakulong ang kritiko sa kanluraning pamantayan dahil sa sistema ng edukasyong itinatag ng kolonyalismong Amerikano at dahil dito, ani Lumbera:

“the valuation of vernacular literatures suffered severely, for the works of writers working with a language other than English eluded, even resisted, the Western norms applied to them. As a consequence, vernacular literature, when not treated with scorn, was sidetracked in the belief that it did not qualify as first-rate art (1997: 57).

Mula sa pagkakulong sa mga kanluraning pamantayang nakafokus sa sining ng indibidwal na manunulat at unibersal na pagpapahalaga, ayon kay Lumbera kailangan ng mga kritiko na isaalang-alang ang madalas na nakaliligtaan ng mga estudyante na “intimate nexus between artistic creation and social realities” (1984: 92–93; 1997: 56).

Ang panunuring pampanitikan para kay Lumbera ay isang gawaing tiyak ang silbi: palayain ang mga Pilipino mula sa kamalayang kolonyal.

Indeed, the pressure of social realities in the Philippine today is towards a definition of the function of criticism for the years to come so that literature may become an instrument for the eradication of the vestiges of colonial thinking that impede genuine national development. (1984: 99; 1997: 59)

Mahalaga para kay Lumbera ang papel ng kritiko sa paghahanap ng mga Pilipino sa pambansang identidad, ng kamalayang makabayan. Ngunit, dagdag

ni Lumbera, masalimuot din ang tungkulin ng kritiko dahil “the various linguistic strands that make up the totality of Philippine literature demand to be seen in the context of the history of the people that had suffered through two major colonial aggressions” (1984: 100; 1997: 60). Muli makikita natin dito na para kay Lumbera ang “totality of the Philippine literature” ay binubuo ng panitikan ng iba’t ibang wika ng bansa na noo’y kinikilalang mayroong “70 languages, eight of them major and possessing extensive recorded literature” (1984: 100; 1997: 59).

Mula sa ganitong pangangatwiran, inilatag ni Lumbera ang sumunod na mahalagang gawain ng mga iskolar: pagsasalin ng mga akdang pampanitikan na nasa iba’t ibang wika sa Pilipinas. Bagama’t nabanggit niya sa sanaysay na “The Rugged Terrain of Vernacular Literatures” ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga iskolar ng panitikan ng iba’t ibang wika sa Pilipinas, hindi pa niya rito nabanggit ang gawain ng pagsasalin. Sa huling bahagi ng sanaysay na “Breaking Through and Away,” tinalakay ni Lumbera ang pagsasalin bilang aniya ay dagdag na gawain ng kritiko na posibleng maging historyador din nga ng kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas. Samakatwid, sa pagsasalin ng mga panitikan sa iba’t ibang wika sa Pilipinas tungo sa wikang Pilipino,⁷ ang hinihirayang marami ay mapag-iisa.

Tiyak at malinaw na ang hinihirayang imahen ng bayan sa tatlong sanaysay ni Lumbera ay binubuo ng iba’t ibang bayan mula sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Kung gayon, ang mga panitikan ng iba’t ibang pangkat etnolingguwistiko sa Pilipinas ang bumubuo sa/ng panitikan ng Pilipinas. Dahil dito kailangang magtipon, mangalap, magsuri ng mga akdang pampanitikan mula sa iba’t ibang wika sa Pilipinas. Sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikang tinipon, pinaaalalahanan tayo ni Lumbera na umalis sa pamantayang Kanluranin. Sa huli, kailangang maisalin sa pambansang wika ang mga nasuri at natipong mga akdang pampanitikan mula sa iba’t ibang wika sa Pilipinas upang maging aksesibol para sa lahat ng Pilipino. Ang pagsasalu-salo ng mga Pilipino sa mga panitikang ito na bumubuo sa/ng panitikan ng Pilipinas ang magpapalaya sa atin mula sa pagkakakulong sa kamalayang kolonyal.

Talahuli

¹ Mas tumpak marahil sabihin na muling nabalikan ang mga katutubong dalumat mula sa mga wika sa Pilipinas.

² Hindi pinangalanan ng mga patnugot ng unang edisyon ng *Revaluation* ang kanilang mga sarili. Sa panahon ngayon ng pagsusukat at pagbibilang ng lahat ng mga gawain sa akademya, isang napakalaking sakripisyo ang ginawa nina Delfin R. Tolentino at Perfecto T. Martin. Kaya ang ikalawang edisyon ay inialay ni Bienvenido Lumbera sa kanilang dalawa.

³ Sa akin ang diin.

⁴ Sa unang edisyon, ang sanaysay na ito ay pangatlo sa buong kalipunan, samantalang sa ikalawang edisyon ikawalong sanaysay na ito.

⁵ Hindi na niya gagamitin ang salitang *bernakular* dahil sa kasaysayan ng salitang ito na nakakawing hindi lamang sa pinakaugat na salita nitong ‘vernaculus’ na nangangahulugan ng alipin, kundi sa kasaysayan mismo ng pananakop sa mga bansang tulad ng Pilipinas. Ang paggamit ng salitang *bernakular* ay nagpapahiwatig na banyaga ang posisyon ng bumibigkas nito. Higit na nyutral ang *rehiyonal* dahil heograpikal lamang ang literal na tinutukoy nito na sa pagdaan ng panahon ay nagbitbit na nga rin ng konotasyong “mas mababa ang posisyon.” Kung titingnan naman ang kasalukuyang gamit ng *vernacular* sa pamamagitan ng Google Ngram Viewer, mapapansin ang muling pagdami ng mga pag-aaral na ginagamit ang salitang ito na may higit na positibong kahulugan na ng pag-aangkin ng lugar.

⁶ Sa unang edisyon, ikalawang sanaysay ito kahit na naunang inilathala ang “The Rugged Terrain of Vernacular Literature.” Sa ikalawang edisyon, pangatlong sanaysay ito kasunod ng “‘Our National Tradition’ and the Changing Times” na ayon sa tala sa ikalawang edisyon ay unang inilathala noong taong 1971 sa *Challenges for the Filipino* (Ateneo Publications Office).

⁷ Pilipino pa noon.

Sanggunian

Lumbera, Bienvenido. “Towards a Revised History of Philippine Literature.” *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Literature*. Index Press, 1984, mp. 3–90.

---. “Breaking Through and Away.” *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Literature*. Index Press, 1984, mp. 91–101.

---. “The Rugged Terrain of Vernacular Literature.” *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Literature*. Index Press, 1984, mp. 103–115.

---. “Towards a Revised History of Philippine Literature.” *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Literature*. UST Publishing House, 1997, mp. 3–49.

---. “Breaking Through and Away.” *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Literature*. UST Publishing House, 1997, mp. 55–60.

---. “The Rugged Terrain of Vernacular Literature.” *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Literature*. UST Publishing House, 1997, p. 87.

---. “Bakit Hindi Paksaing Filipino.” *Writing the Nation, Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000, mp. 3–4.

---. “Introduction.” *Writing the Nation, Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000, mp. ix–x.

---. “Harnessing Regional Literature for National Literature.” *Writing the Nation, Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000, mp. 153–156.

---. “Panitikang Panrehiyon, Panitikang Pambansa: Magkabukod at Magkarugtong.” *Writing the Nation, Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000, mp. 162–165.

---. “From Cosmopolitanism to Nationalism.” *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Literature*. UST Publishing House, 1997.

Mojares, Resil. “Foreword.” *A Reader in Philippine Theater: History and Criticism*. Inedit nina Jonathan Chua at Rosario Lucero. University of the Philippines Press, 2014, mp. ix–xi.

Pe-Pua, R. at E. Protacio-Marcelino. “Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez.” *Asian Journal of Social Psychology*, vol. 3, 2000, mp. 49–71.

